



Vigilantes and Gangsters in the Borderland of
West Kalimantan, Indonesia

by Reed L. Wadley and Michael Eilenberg



ARTICLES
Kyoto Review of Southeast Asia
developed for the web by Squeakystudios Design First production, Copyright 2006

Mga Vigilante at Tulisan sa Hangganang-rehiyon ng Kanlurang Kalimantan, Indonesia

ni Reed L. Wadley at Michael Eilenberg

[Si Reed L. Wadley ay nagtuturo sa Departamento ng Antropolohiya ng University of Missouri-Columbia (USA). Si Michael Eilenberg ay nagtuturo sa Departamento ng Antropolohiya at Etnograpiya sa University of Aarhus (Moesgaard, Denmark).]

Ang mga taong minamabuti ang madaliang paglipat-lipat ng panig sa hangganan ay hindi masasabing mahahalagang mamamayan ng alinmang Estado.¹

Ang mga hangganang-rehiyon ay matagal nang mga lugar ng karahasan, bunga ng kawalang kakayahan o interes ng pamahalaan sa mga rehiyong periperal, o ng panakanakang pagtatangka ng mga estado na igiit ang kanilang kapangyarihan sa mga “palasaway” na naninirahan dito (Paredes 1958; Wadley 2004). Ang laganap na di-pagsunod sa batas sa mga hangganang-rehiyon, o ang di-malinaw na espasyo sa pagitan ng batas ng estado, ay nagpayaman sa pagkakataon para sa mga gawaing tinitingnan bilang bawal ng isa o parehong estado—halimbawa, ang pagpupuslit o pag-iwas sa pagbayad ng buwis (Tagliacozzo 2001). Ang espasyo sa hangganan ay maaari ring magpaunlad sa isang lokal na pamunuan na nakasandig sa mga gawaing iligal na ito at minementina sa pamamagitan ng patronahe at karahasan (McCoy 1999). Sa ganitong mga kalagayan, ang mga naninirahan sa hangganan ay nagtatamasa ng sapat na antas ng awtonomya mula sa pakikialam ng estado, na maaaring magpalubha sa kanilang malabonang relasyon sa alinmang estado (Martinez 1994a). Sa papel na ito, susuriin namin ang mga usapin ng di-pagkilala sa batas at awtonomya sa kahabaan ng hangganang-rehiyon ng Kanlurang Kalimantan na tinitirhan ng mga Iban (Larawan 1), nang may pagsasaalang-alang sa mga kagaganap lamang na mga insidente ng vigilantismo at pagtutulisan,² at kung paano pinag-iibayo at pinatitingkad ang mga gawaing ito ng kalabuan at pagiging-hiwalay na iniluwal ng hangganan.³

¹ Sipi mula sa Sarawak Gazette (1 Oktubre 1895) sa Report from Assitant Resident Burgdorffer, 2 Disyembre 1914, Verbaal 20 Augustus 1915 No.41, Politieke Verslagen en Berichten uit de Buitengewesten van Nederlands-Indië (1898-1940), Ministerie van Koloniën, Algemeen Rijksarchief, The Hague, Netherlands [mula ngayon ARA].

² Ang vigilantismo ay tumutukoy sa pag-ako o pagsuporta sa pagpapatupad ng batas sa sariling mga kamay (ibig sabih’y, ang pagtalon sa mga naitatag nang paraan ng pagpapatupad ng batas at katarungan), samantalang ang pagtutulisan ay simpleng organisadong kriminalidad (American Heritage Dictionary 2000).

³ Ang pananaliksik sa *field* at artsibo (1998-2001) ni Wadley ay pinondohan ng International Institute for Asian Studies, Leiden, The Netherlands at, sa Indonesia, ay isinagawa sa ilalim ng pagtataguyod ng Center for International Forestry Research. Ang *field research* (2002-03) ni Eilenberg ay pinondohan ng Maintenance Grant mula sa Pamahalaan ng Denmark, at sa ilalim ng pagtataguyod ng Program Strata-2 Ilmu-Ilmu Sosial, Departemen Pendidikan Nasional, Universitas Tanjungpura, Pontianak, na ang karagdagang pag-aaral (2005) ay pinondohan ng WWF Verdensnaturfonden/Aase og Ejnar Danielsen Fond.

Malinaw na ang vigilantismo at pagtutulisan ay mga karaniwang penomena sa buong Indonesia subalit, tulad ng ipapakita namin, ang kumpigurasyon ng hangganang-rehiyon ay nagbibigay sa mga penomenang ito ng kakaibang hugis sa lugar na ito.

[Larawan 1 dito]

Nagsimula noong gitna ng ikalabingsiyam na dantaon, sa kanilang mga pagtatangkang itigil ang tumatawid sa hangganang pamumugot ng ulo at paglilinaw sa kolonyal na pagkamamamayan, hiniwalay ng kolonisasyong Ingles at Olandes sa Borneo ang Iban ng Kalimantan mula sa mas malaking populasyon sa Sarawak. Ang hangganang-rehiyon sa Iban ay madalas maging sentro ng mapag-alsang relasyong interkolonyal, at sinikap ng mga Iban na makinabang sa magkakaibang mga probisyon at kundisyong inalok ng pamahalaang kolonyal sa magkabilang panig; halimbawa, ang paggamit sa hangganan para makaiwas sa pagbabayad ng buwis at labanan ang kolonyal na kapangyarihan (Wadley 2004). Ang pagsasarili ng Indonesia at ang pagbubuo sa pederasyong Malay sa gitna ng ikadalawampung dantaon ay lalong nagpalubha sa partisyon, laluna sa ilalim ng matinding militarisasyon sa hangganan noong panahon ng Kumprontasyon sa unang bahagi ng dekada sesenta at ng sumunod na insurhensya ng mga komunista sa dekada setenta. Hindi naman masasabing hiniwalay nito ang mga populasyon sa hangganan o hinati nito ang lalawigan; sa kabaligtaran, ang daloy ng pagtawid sa hangganan ay nagpatuloy gaya ng sa mga nakaraang dekada. Subalit ang paglalalatag ng network ng mga kalsada sa kahabaan ng hangganan sa mga dekadang 1980-90 ay nagpadulas sa daloy ng mga tao at produkto—ligal at iligal—na nagpabalik-balik sa hangganan (Wadley 1998); dagdag pa, ang krisis pang-ekonomya sa Asya at ang pag-usbong ng awtonomya sa rehiyon matapos ang pagbagsak ng pamahalaan ni Suharto ay nagpabilis sa mga daloy na ito (Fariastuti 2002; Riwanto 2002; Siburian 2002).

Sa kabila nito, kaakibat ng kalayuan ng rehiyon mula sa mga sentrong Indones, ang mga pang-ekonomyang di-pagkakapantay sa pagitan ng Indonesia at Malaysia na lumitaw sa panahong ito ay nagpanatili sa pa-Malaysiang oryentasyong pang-ekonomya ng mga Iban ng Kalimantan, na pinalalim ng kanilang pagkaugat, sa usaping kultural at pangkasaysayan, sa Sarawak. Ang krisis pang-ekonomya sa Asya noong 1997 at ang itinulak nitong mga dramatikong pagbabagong pulitikal sa Indonesia, kasama ang pagtanggap ng militarisasyon sa hangganan, ay nagpatindi lamang sa oryentasyong ito. Ang kinalalagyan ng Iban sa hangganang-rehiyon, katabi ang isang mas maunlad at matatag-ang-pulitikang kapitbahay, ay nangahulugan na ang kanilang interes ay bahagyang nasa kabila ng hangganan, kung saan maaari silang maghanapbuhay nang pansamantala o paminsa'y permanenteng manirahan. Bahagi ng epekto ng pagkawala ng kapangyarihan ng sentral na pamahalaang Indones, ang nagaganap na biglaang pag-unlad ng “iligal” na pagtotroso ay pumapel din sa isang halu-halong lokal na istratehiyang pang-ekonomya. Subalit susing elemento sa biglaang pag-unlad na ito ang pagkakaroon ng mga Malaysiano-Tsinong negosyante sa troso⁴ at ang kanilang mga lokal na *sawmill*,

⁴ Binabanggit ng isang di-kilalang tagasuri na ang mga negosyanteng ito ay hindi kinakailangang maging Malaysiano kundi ay maaari ring maging Taiwanese, Koreano, Pilipino, Singaporeano, o Indones. Bagamat maaaring totoo ito sa ilang mga lugar sa Indonesia kung saan mayroong mga kahawig nitong gawain (e.g., McCarthy 2000), ang mga hepe ng pagtotroso sa mga hangganang-rehiyon na nilalarawan dito ay pawang

mga operasyong pagtotroso, at mga manggagawang Malaysianong Iban (Eilenberg 2005; Wadley at Eilenberg 2005).

Sa kabila nito, ang salitang “iligal” ay nagbibigay ng problema sa pagpapakahulugan. Laluna kung iintindihin ito mula sa punto de bista ng mga naninirahan sa mga hangganang-rehiyon, napakadali lamang nitong pinapasadahan ang isang larawang masalimuot. Ang “iligal” ay nagpapahiwatig ng kamalayan ng paggawa ng mali o ang potensyal nito, na maaaring sapat na para sa mga usaping antas-estado, subalit hindi talaga “kumakatawan sa mga paraan kung paano may-pagmamalaking iginigiit ng mga naninirahan sa mga hangganang-rehiyon ang kanilang karapatang pang-ekonomya sa pagkilos ng kalakal na tumatawid sa hangganan” (Flynn 1997:324). Sa kabaligtaran, bagamat may kamalayan na nasasangkot sila sa isang bagay na tinatakda ng mga pulitiko bilang bawal, ang mga naninirahan sa mga hangganang-rehiyon ay maaaring hindi nararamdaman na gumagawa sila ng moral na kamalian at tumitingin sa mga batas na ito bilang di-makatarungan at di-rasonable. Samakatwid, ang iligal ayon sa batas ng estado ay kadalasa’y malinaw sa mga ahente ng estado (bagamat maaaring sila rin mismo ay lumihis sa sarili nilang mga batas), samantalang ang mga naninirahan sa mga hangganang-rehiyon ay mas karaniwang humaharap sa mga regulasyon ng estado nang may pleksibilidad, sapagkat hindi nila gaanong nararamdaman ang kanilang obligasyong tumalima sa mga batas na tinitingnan nila bilang imposisyon mula sa labas at salungat sa kanilang interes.⁵ Mas malinaw itong nakikita sa mga operasyon ng pagtotroso sa mga hangganang-rehiyon mula 1998—bagay na tinitingnan ng estado bilang iligal subalit lehitimo para sa mga lokal na pamayanan na ngayo’y muling napapanghawakan ang kanilang mga tradisyunal na kagubatan. (Ang pagkilala namin sa usaping ito ay hindi dapat ipakahulugan na sinusuportahan namin, sa anumang paraan, ang mga gawaing ilalarawan sa sumusunod, gayundin na ang paglalarawan namin sa mga gawaing ito ay hindi nagpapahiwatig na lahat ng Iban ay nasasangkot dito.)

Kaso 1: Mga Vigilante

Noong unang bahagi ng Disyembre 2000, ang isang korte sa Putussibau, ang kabisera ng distrito ng Kapuas Hulu, ay naging eksena ng pagpaslang sa pagdating ng may 300-400 na kalalakihang naarmasan ng baril at itak para ipaghiganti ang pagkamatay ng isa nilang kalahi.⁶ Ang biktima, isang lalaking Malay na nagngangalang Usnata ay nasasakdal para sa pagpaslang noong Enero 2000 sa isang nagpapalit ng salapi (*moneychanger*) na Iban na nagngangalang Sandak. Ang patayan sa korte ay umabot sa pambansang media bilang kauna-unahang vigilanteng pagpaslang sa loob ng isang korteng Indones. Nakipagkita si Pangulong Abdurahman Wahid sa pamilya ng biktima, at nangako ang mga opisyal ng lalawigan na pagbabayaran ang mga salarin (Kompas 2000b; Pontianak Post 2000a, 2000b). Subalit sa mga sumunod na buwan at taon, nawala

mga Malaysiano-Tsino mula sa Sarawak (subalit mayroon ding mga mahigpit na kuneksyon sa labas ng rehiyon).

⁵ Ang isang aklat na malapit nang lumabas, *Illicit Flows and Criminal Things* (Schendel at Abraham), ay direktang humaharap sa kasalimuotang ito.

⁶ Ang mga pulis na naroon para pigilin ang nababalita nang pagsalakay ay nalamangan sa bilang at dahil dito’y nagsipag-atras. Bumalik sila matapos ang pagpatay para makiusap sa mga vigilante na huwag pugutan ng ulo ang biktima.

ang insidente sa “radar screen” ng mga lokal at pambansang awtoridad, at sa ilang daang katao na nasangkot dito, wala ni isa mula noon, at marahil kahit kailan, ang nakasuhan sa pagpatay.

Sa unang tingin, mukha lamang itong isang kaso ng *amuk massa*, ang mistulang di-planadong pagpatay sa mga taong pinagbibintangan ng mga kadalasa’y maliit na krimen, sa konteksto ng inutil na sistemang pangkatarungan (Colombijn 2002). Subalit ang nakapailalim na istruktura nito at motibasyon, mga bagay na hindi nabanggit ng media, ay nagpapakita ng pagkakaugnay-ugnay ng identidad sa hangganang-rehiyon, humihinang kapangyarihan ng estado, at katiwalian ng mga opisyal.⁷ Sa katunayan, si Sandak, ang Iban na nagpapalit ng salapi, at si Usnata ay magkamag-anak sapagkat napangasawa ng huli ang pinsan ni Sandak. Dahil dito’y maiintindihan kung bakit sumakay si Sandak, na may dalang bag na naglalaman ng 70 milyong rupiah mula sa kanyang mga pakikipagnegosyo sa hangganan, sa isang *speedboat* nang kasama si Usnata. Sa mahabang biyahe patungo sa baybayin, lumilitaw na pinatay ni Usnata si Sandak, sa tulong ng drayber, isang lalaking Padang na nangganggalang Edi, at hinulog ang bangkay nito sa tubig. Ilang buwan ang nagdaan bago natuklasan ang bangkay ni Sandak, at pinaghinalaan ng pulis si Usnata (lumikas si Edi ng probinsya): hindi lamang dahil isa siya sa mga huling taong nakasama ni Sandak kundi’y nakabili rin siya ng mga mamahaling bagay matapos ang pagkawala nito.

Hiningi ng mga kamag-anak na Iban ni Sandak na magbayad si Usnata ng *pati nyawa* o *blood money* alinsunod sa tradisyunal na batas (*adat*) ng Iban. Tumanggi siya kung kaya’t ang kaso ay napasa sa korte ng distrito para litisin. Matapos ang unang araw ng paglilitis, nagpasya ang mga Iban na malamang na makakaalpas si Usnata sapagkat may hinala silang sinuhulan nito ang nakaupong huwes, kung kaya’t inorganisa nila ang pagsalakay, kumuha ng Iban mula sa magkabilang panig ng hangganan na may kuneksyon kay Sandak. Bahagi ng kanilang katwiran, maliban sa paghihiganti, ay ang katiwalian ng korte at ang imposibilidad na makakuha ng katarungan mula sa pamahalaan; lubha rin ang ikinagalit nila sa pagtanggap ni Usnata na sumunod sa *adat* ng Iban. Sa katunayan, kung binayaran ni Usnata ang *pati nyawa*, ay buhay pa siya ngayon. Samakatwid, bagamat nagmula sa mga karaniwang pagtingin sa isang inutil at tiwaling sistema ng pagpaparusa sa mga kriminal, ang vigilanteng pagpaslang na ito ay napakalayo sa karaniwang *amuk massa* na pagpatay na nagaganap sa mga lugar tulad ng Java nang biglaan na lamang tuwing may nagtuturo ng magnanakaw o anumang maliit na kriminal sa lansangan o palengke; ang mga patayang *amuk massa* ay mabilisan at agad na sumusunod sa pagtukoy at akusasyon. Kabaligtaran nito, ang pagpatay kay Usnata ay ilang araw na pinagplanuhan at inorganisa, kinasangkutan ng isang pwersa ng mga kalalakihang minobilisa mula sa isang malawak na network na panlipunan at heograpikal, naganap sa isang korte ng hustisya (kung kaya’t natatangi ito sa mga vigilanteng pagpaslang sa Indonesia), at kinakitaan ng direkta subalit payapang kumprontasyon sa pulisya.

⁷ Ang sumusunod na paglalahad ay hango sa pakikipasulatan sa mga katrabahong Iban na walang kinalaman sa insidente.

Kaso 2: Mga Tulisan

Noong Enero 2005, ang isang grupo ng dalawampu't-anim na opisyal ng gobyerno⁸ at isang mamamahayag sa telebisyon ay nag-iimbestiga sa iligal na pagtotroso sa paligid ng Betung Kerihun National Park (Antara 2005; Kompas 2005a). Anim na linggo bago nito, inaresto ng mga pulis ang tatlong Malaysianong Tsino na nasangkot sa pagtotrosong tumatawid sa hangganan at kinumpiska ang mga kagamitan at troso (Kompas 2004a), bagamat ang “pasimuno,” isang sinasabing kilabot na Malaysianong Tsino na nagngangalang Apeng (Equator Online 2004a, 2004b), ang hepe ng pagtotroso o *tukei*, ay nakatakas. Ang bagong grupo ay lumuwas nang umaasang madadakip nila si Apeng, subalit nalaman nilang hindi kaya ng kanilang mga sasakyang Kijang ang masamang daan. Dahil dito, kinuha na lamang nila ang ilang Toyota Land Cruiser (na may plakang Malaysiano) na kabilang sa mga kagamitang nakumpiska.

Matapos tumigil ang grupo para magkampo sa gabing iyon, may dumating na dalawang *pick-up* na may plakang Malaysiano na lulan ng dalawampung armadong kalalakihan. Sinimulan ng isang lokal na lalaking Iban, na tumatayo bilang pinuno, na interogahin ang grupo nang walang ipinakitang pagkatakot sa mga pulis at militar. Nang malaman nito ang pakay ng grupo at ang paggamit nito sa mga kinumpiskang sasakyan, nagalit ang lalaki at inakusahan sila ng pagiging responsable para sa kawalan ng trabaho sa lugar. Inutusan niya ang kanyang mga tauhan na kunin ang mga sasakyan, at iwan ang grupo para maglakad. Subalit sa isang kakatwang liko ng pangyayari, nakuha ng grupo na ihatid sila sa lokal na himpilang subdistrito ng pulis sa Lanjak. Pagdating sa Lanjak, tumutol ang mga lalaking isauli ang mga sasakyan at nakatakas sila sa kabila ng hangganan bago sila mahuli ng mas marami nang pulis.

Ang mamamahayag ay di-makapaniwala sa inabilidad o pag-atubili ng pulis o militar na makialam; iniulat niya na ang mga pwersang panseguridad na kasama sa grupo ay nakipagkasundo sa pinunong Iban na hindi makikialam, marahil para makaiwas sa dagdag pang tunggalian sa mga lokal na pamayanan. Sa katunayan, matapos nito’y may opisyal pandistrito na nagsabi sa kanyang ang insidente ay isang lokal na usapin, na hindi nangangailangang kasangkutan ng iba pang partido sa labas at hindi na kailangang ipaalam sa publiko, at nagpahiwatig ang panlalawigang koordineytor ng Kail Kalbar (isang samahan ng mga organisasyong tutol sa iligal na pagtotroso) ng pagkalito kung paano nangyari na ang mga naninirahan ay naging mas tapat at matulungin pa sa isang dayuhan (si Apeng) kaysa sa sarili nilang pamahalaan. Minungkahi niya na kung hindi kaya ng mga pulis sa distrito na gampanan ang kanilang tungkulin ay dapat silang palitan ng mga pulis panlalawigan.

Marahil na ang koordineytor ng Kail Kalbar ay may kaunting “impormasyong panloob,” sapagkat sa loob ng dalawang buwan ay inilunsad ng panlalawigan at pambansang pulisya ang Operasi Hutan Lestari (Operation Everlasting Forest), na nagresulta sa pagkakadakip sa ilang Malaysiano at Indones (mga Tsino, Iban, at Malay) na may kinalaman sa pagtotroso sa hangganan. Ipinagbawal din ng operasyon ang pagtatawid sa

⁸ Kabilang sa mga opisyal na ito ang mga tanod ng gubat sa distrito o *kabupaten*, mga prosekyutor, pulis, at militar, na ang ilan ay lubos na naarmasan.

putol na troso sa kabila ng hangganan, isang pagkilos na bumahala sa mga naninirahan doon na kumikita mula sa kalakalang ito. Nagpadala sila ng malaking delegasyon (may 200 katao) sa Putussibau, ang kabisera ng distrito, para igiit ang pagtanggap sa pagbabawal, sa kadahilanang ang kahoy ay galing sa mga gubat ng pamayanan (*hutan adat*) at ang mga pamilihing Indones ay sobrang layo. Sa kasalukuyan ay wala pa ring resolusyon, ang mga bayan sa hangganan na umunlad sa pagdaloy ng mga tao at produkto sa hangganan ay naging mga *ghost town*, at ang Indones na ministro ng kagubatan, si M.S.Kaban, ay nagpahayag na ang mga lokal na pamayanan ay walang ligal na batayan para pahintulutan ang komersyal na pagpuputol ng puno (Kompas 2005b, 2005c; Media Indonesia 2005; Pontianak Post 2005a), marahil ay tanda ng pagwawakas sa yugtong ito ng kasaysayan ng hangganang-rehiyon.

Mga Vigilante at Tulisan sa Mas Malawak na Pananaw

Ang dalawang kasong ito ay naglalarawan, sa kani-kanilang paraan, sa mga mahahalagang proseso ng buhay sa hangganang-rehiyon na dapat intindihin upang malutasan ang mga problemang panlipunan at pangrekurso na kinakaharap ng rehiyon.

Ang Iban ng Kalimantan ay nasanay na sa pagkakaroon ng may-kalakihang awtonomya sa paghaharap sa mga usaping sibil at kriminal at hindi nangingiming labanan ang anumang pagtatangkang bawasan ang awtonomyang ito. Nilarawan sila ng isang opisyal na Olandes noong huling banda ng ikalabing-siyam na dantaon bilang *een levendig en strijdlustig volk* (mga masisigla at palabana na tao),⁹ at bagamat dapat tayong mag-ingat sa ganitong uri ng esensyalistang pananaw, tinutukoy nito ang partikular na kultural na kasiglahan at lakas ng loob na di-hamak na pinaunlad ng natatanging relasyong binuo ng mga Iban sa magkabilang panig ng hangganan sa loob ng mahigit isa't kalahating dantaon. Hindi aksidental na ang kahabaan ng hangganan sa pagitan ng Dutch West Borneo at British Sarawak na tinitirhan ng mga Iban ang nagkaroon ng pinakamatagal na hidwaang pang-hangganang sa pagitan ng mga kapangyarihang kolonyal noong ikalabing-siyam na dantaon at unang bahagi ng ikadalawampu,¹⁰ sapagkat ang Iban ay napakahirap kontrolin at patahimikin (Wadley 2001, 2004).

Kahit pagkatapos ng pormal na pasipikasyon (noong 1886), maingat ang trato ng mga kolonyal na pamahalaan sa Iban upang hindi sila maantagonisa. Halimbawa, sa magkabilang panig ng hangganan, ang Iban ay mas mababa ang buwis na binabayaran kaysa sa ibang mga katutubong mamamayan—sa Sarawak, sapagkat obligado silang magsilbi sa mga ekspedisyong pamahalaan, at sa Dutch West Borneo, marahil upang matumbasan ang nakagawian sa Sarawak.¹¹ Dagdag pa, ang sistema kung saan ang mga Olandes ang nagtatalaga ng mga pinuno—*temenggong at patih*—ay unti-unting naging

⁹ Liham ni Resident Tromp sa NI Gobernador-Heneral, 10 Hunyo 1891, Openbaar Verbaal 12 Hunyo 1894 No.13, ARA.

¹⁰ Liham ni Resident Tromp sa NI Gobernador-Heneral, 4 Abril 1894, Openbaar Verbaal 6 Hunyo 1895 No.12, ARA.

¹¹ Ang opisyal na dahilan ay ang “kakayahang kumita” ng Iban ay mas mababa, subalit walang saysay ito sapagkat ang ibang mga grupong Dauak sa Distrito ng Mataas na Kapuas are mahirap din at malayo sa mga maayos na pamilihan (Liham ni Resident Tromp sa NI Gobernador-Heneral, 4 Abril 1894, Openbaar Verbaal 6 Hunyo 1895 No.12, ARA).

nagsasarili sa paglipas ng panahon, laluna sa panahon ng malawakang kaguluhang pulitikal at transisyon sa mga dekada kwarenta at singkwenta. Dagdag pa, ang ispesyal na pagkamalapit ng mga Iban ng Kalimantan sa Sarawak ay sinulsulan ng pamahalaan ng Sarawak: Noong 1882, bigong inalok ni Charles Brooke, ang pangalawang pinuno ng Sarawak, na ipasailalim sa kanyang kontrol ang mga Iban ng Kalimantan “kahit na ang bahagi ng lupang kadikit ng hangganan kung saan naninirahan ang mga Dyak na ito ay malipat sa paghahari ng Sarawak”¹²—bagay na nananatili pa rin sa mga pangkasaysayang naratibo ng Iban.

Sa gayon, hindi nakakagulat na makita ang mga Iban ng Kalimantan na ipinaglalaman ang kanilang interes sa mga partikular na sitwasyon, kahit na maaari itong maging delikado: Noong mga dekada sesenta at setenta at nagkaroon ng militarisasyon sa hangganan bilang pangontra sa insurhensiya, tinanggihan ng Iban ang utos ng hukbong Indones na isuko ang kanilang mga baril. Ilang daang lalaki na nakabihis panritwal at pinangungunahan ng kanilang *temenggong* at *patih* ang bumaba sa himpilan ng hukbo at nagsabing isusuko lamang nila ang kanilang mga baril kung mangangako ang militar na magtalaga ng mga kawal sa kanilang mga bukid para ipagtanggol ito sa mga nananalakay na baboy-ramo at unggoy. Hanggang sa ngayon, ang tatlong subdistritong dinodolina ng mga Iban ang tanging mga lugar sa distrito, at marahil sa lalawigan, kung saan ang mga mamamayan ay maaaring itago ang kanilang mga baril sa bahay at hindi nakarehistro sa mga lokal na istasyon ng pulis.

Sa harap ng karanasang ito, at sa konteksto ng *de facto* na desentralisasyon ng pamahalaan at demoralisasyon ng pulis at militar matapos ang pagbagsak ni Suharto noong 1998, ang mapaghiganting pagpatay kay Usnata ay mas maiintindihan, at makakakita tayo ng ilang kuneksyon sa kasaysayan: Ang malakas na kamalayan ng pagsasariling kultural ay pinakamatingkad sa paniniwalang, sa lokal na antas, ang tradisyunal na batas ay nangingibabaw sa pambansang batas at ang mariin na pagpupursigi sa interes ng Iban ay lubos na lehitimo. Ang kakayahan ng Iban na magpakilos nang mabilis ay lumilitaw rin at natutumbasan sa kasaysayan ng mga ekspedisyong para sa pagpupugot ng ulo, noong ikalabing-siyam na dantaon, na maaaring umabot sa ilang daan at libong katao (Freeman 1960). Bagamat ang mga pagbabago sa buhay-pulitika ng Indonesia ay nagbigay sa kanila ng mas maluwag na puwang para kumilos matapos ang 1998, ang mga Iban na may kinalaman sa insidenteng Usnata ay maaaring hindi ito nakayang gawin o piniling gawin kundi dahil sa mga katangiang ito sa kanilang kasaysayan.

Sa usapin ng pagtutulisan, dalawang dagdag na salik ang may kinalaman. Una, bilang resulta ng mga proseso ng pambansang desentralisasyon, ang mga pamahalaang pandistrito sa buong Indonesia ay nagkaroon ng pinakamalaking kapangyarihan mula nang unang itatag ang mga ito, at nakita ng mga opisyal ng Distrito ng Kapuas Hulu ang pagtotrosong tumatawid sa hangganan bilang isang epektibong pagkakataon para paunlarin ang ekonomya sa hangganang-rehiyon, na matagal na isinantabi ng sentral na pamahalaan. Dagdag pa, sa harap ng pagbulusok ng suportang pinansyal mula sa mga

¹² Liham ni Charles Brooke sa NI Gobernador-Heneral, 25 Setyembre 1882, Mailrapport 1882 No. 1066, ARA.

pamahalaang sentral at panlalawigan, ang mga opisyal ng distrito ay napilitang maghanap ng mga paraan para sustentuhan ang kanilang sarili. Pangalawa, maraming lokal na Iban (kasama na rin ang ilang opisyal ng distrito) ay hindi sumasang-ayon sa pananaw ng mga pamahalaang sentral at panlalawigan hinggil sa ligalidad ng kasalukuyang gawaing pagtotroso, at tumitingin sa pakikialam ng mga “tagalabas,” tulad ng nabanggit na operasyon ng pamahalaan, bilang panghihimasok sa awtonomyang lokal. Sa gayon, ang pagiging pasibo ng mga pulis at militar sa lokal na distrito ay makikita bilang maingat na tugon sa mga benepisyong pang-ekonomya na nakamit sa pamamagitan ng pagtotroso at malusog na paggalang sa kakayahang kumilos ng mga lokal na Iban.¹³

Matapos ang pagbagsak ang pamahalaang “New Order” noong 1998, tinawid ng mga Malaysianong Tsino na negosyante ng troso ang mahaba at madaling-lusutang hangganan patungong Kanlurang Kalimantan para magtayo ng mga lokal na operasyon ng pagtotroso. Patakaran nilang makipagtulungan sa mga lokal na pamayanan na nangangailangan ng paraan para magpalitaw ng salapi at tinamasa nila ang di-opisyal na pahintulot ng mga pamahalaang pandistrito. Dagdag pa sa mainam na klimang pang-ekonomya’t pampulitika at internasyunal na pangangailangan para sa trosong tropikal, ang madaling pagtagos sa hangganan dulot ng pinabuting network ng mga kalsada (dati’y mahalaga sa usapin ng pambansang panseguridad) ay nagpadali sa mga operasyong ito. Sa sarili nilang banda, tinitingnan ng mga pamayanang lokal ang mga kagubatan sa gilid ng hangganan bilang tradisyunal nilang kahuyan, at ang pag-aani sa troso bilang resulta ng mga lokal na kasunduan.¹⁴ Upang maging makinis ang takbo ng kanilang mga negosyo, sinusuhulan ng mga negosyante ng troso ang ilang susing opisyal sa distrito at subdistrito, at maging ang mga pulis, militar, at ahente ng migrasyon sa hangganan, isang bagay na alam ng lahat ng mga naninirahan sa hangganang-rehiyon.

Sa Subdistritong Batang Lupar, Distrito ng Kapuas Hulu, laganap ang mga prosesong ito na kinasasangkutan ng mga negosyanteng Malaysianong (*tukey* ang lokal na tawag sa kanila) at lokal na Iban. Bunga ng kanilang mahabang kultural at pang-ekonomyang pagkamalapit sa Sarawak at ng matagal na marhinalisasyon sa kanila ng sarili nilang mga sentral at panlalawigang pamahalaan, maraming Iban sa hangganang-rehiyon ang katiting lamang ang nararamdamang komitment sa sarili nilang estado. Wala silang nakikitang kontradiksyon sa kanilang pakikipagtulungan sa mga mas pamilyar na Malaysianong *tukey*¹⁵ (at sa kanilang mga empleyadong Malaysianong Iban), na mas maraming nalalaman tungkol sa mga kaugalian at wikang Iban kaysa sa mga opisyal ng

¹³ Sa kalakhan, ang mga lokal na opisyal na sibilyan, pulis, at militar ay hindi “lokal” mismo kundi ay nanggagaling sa maraming lugar—sa ibang dako ng lalawigan o mas malayo pa, tulad ng Java at Bali. Sabihin nang may ugnayan sa pagitan ng mga gawaing tumatawid ng hangganan at iligalidad, mahirap tantyahin kung paano o kung may kinalaman ang mga lokal na opisyal sa mga ito maliban sa simpleng pagpapadulas at pangongolekta ng pera sa ganitong mga gawain sa kani-kanilang panig ng hangganan.

¹⁴ Bagamat nahahati ang pamayanan sa usapin ng pag-aani sa troso at pakikipagtulungan sa mga hepeng magtotrosong Malaysianong, karamihan ng mga pamayanan ay sa simula’y masaya sa kaayusang ito, bagamat kamakailan ay nagkaroon ng mga tensyon dulot ng paglitaw ng ilang masamang epekto ng pagtotroso, tulad ng polusyon ng tubig (Suara Pembaruan 2004c).

¹⁵ Bago sila naglunsad ng operasyon sa Kanlurang Kalimantan, ang mga Malaysianong *tukey* ay ilang dekadang kumilos sa mga lugar ng Sarawak Iban at pinipiling manggagawa ang mga lokal na Iban dahil sa kanilang katapatan at kasipagan.

pamahalaang Indones. Sa gayon, ang mga lokal na Iban ay kumportable sa kanilang pakikitungo sa mga *tukei* at sa kanilang mga pinsan mula sa kabila ng hangganan. Dagdag pa, sapagkat ang mga Iban ng Kalimantan ay matagal nang nakikilahok sa *wage-labor* sa kabila ng hangganan samantalang ang kanilang mga kamag-anak sa Sarawak ay hindi nakadama ng gayong paghatak mula sa Kalimantan, ang mga gawaing ito ay nagbukas ng mga bagong ugnayan sa pagitan ng mga nagkawatak-watak na Iban, bagay na nagpatatag sa mahabang tradisyon ng relasyong etniko na tumatawid sa hangganan (Wadley at Eilenberg 2005).

Sa mga sumunod na taon matapos ang unang pagdating ng pagtotroso sa hangganan, manaka-naka lamang ang pag-ulat ng mga panlalawigan at pambansang pahayagan hinggil sa mga gawaing ito sa liblib na Kapuas Hulu (hal., Jakarta Post 2000, 2002, 2003; Pontianak Post 2003a, 2003b). Subalit, nang maglaon, sa ibayong paglaganap ng pagpupuslit sa hangganan at ang pagkawala ng rekurso at rebenyu mula sa estado ay hindi na maaaring ipagwalang-bahala, muling pinagtuunan ng pansin ng media ang liblib na lugar sa hangganan.¹⁶ Ang tema noon ay ang pagsasamantalang Malaysiano sa mga rekurso ng Kanlurang Kalimantan, na isinasaad ng mga mapanulsol na hedlayn tulad ng “Ang Malaysia ang kumakain sa ating mga prutas, samantalang nilulunok ng Indonesia ang dagta” (Suara Pembaruan 2003) at “Kailan magwawakas ang ‘kolonisasyong’ Malaysiano sa hangganang Kalbar?” (Suara Pembaruan 2004b). Ang mas malakas na tonong nasyonalista sa mga huling ulat na ito ay kinatampukan din ng tahasang pagkriminalisa sa mga gawaing tumatawid sa hangganan: Ang mga *tukei* at ang kanilang mga manggagawang Malaysiano ay tinitingnan ngayon bilang mga armadong tulisan na nananakot sa mga lokal na pamayanan, at ang “Gengster Cina Malaysia” ay naging bukambibig (Suara Pembaruan 2004a; Sinar Harapan 2004a, 2004c; Media Indonesia 2004).

Sanhi ng ganitong pagbabago sa kapasyahang pulitikal, hiningi ng mga pambansa at panlalawigang opisyal na magsagawa ng kagyat na pagkilos ang mga opisyal pandistrito. Sa kabila ng pangako ng pamahalaang pandistrito na haharapin ang mga “tulisang Malaysiano,” ang mga unang pagtatangka na wakasan ang iligal na pagtotroso sa hangganan ay mangilan-ngilan at walang-gana, at ang mga taong nadakip ay karamiha’y “pipitsugin” lamang (Kompas 2003a, 2003b; Pontianak Post 2004), laluna’t sapagkat ang mga opisyal sa distrito ay hindi nagmamadaling wakasan ang kapaki-pakinabang na kuneksyon sa kabila ng hangganan. Mukhang walang-tigil na ipagpapatuloy ng mga “tulisang” ang kanilang mga gawain, nang may suporta mula sa mga opisyal ng distrito at lokal na pamayanan (Kompas 2004b, 2004c, 2004d; Sinar Harapan 2004b). Subalit mukhang binago ng Operasi Hutan Lestari ang naunang kalagayan. Sa katunayan, maaaring ang nakikita natin ngayon ay isang pambansa at panlalawigang pagtatangka na agawin ang kontrol ng daloy ng rebenyu mula sa mga distrito, kasabay ng pagbanggit sa panibagong militarisasyon sa hangganan at pagtatanim ng mga plantasyon ng *oil palm* sa kahabaan nito para sa mas madaling kontrol (Jakarta Post 2005; Pontianak Post 2005b). Ang kapalaran ng mga lokal na pamayanan sa hangganang-rehiyon na dati’y kumikita (bagama’t limitado) mula sa pagtotrosong ito ay katanungang wala pang sagot.

¹⁶ Ang ilang insidente ng paglalabag sa hangganan itong mga nakaraang taon ay nagsilbi ring “painitin” ang usaping ito sa media at maging sa diplomasya (Kompas 2000a; Suara Pembaruan 2000).

Pagtatapos

Naninirahan sa gilid ng estadong Indones at malapit sa karatig-estado kung saan mayroon na silang matagal na relasyong kultural at pang-ekonomya, naghahari sa mga Iban ng Kanlurang Kalimantan ang damdamin ng pagiging iba—ang pakiramdam ng pagiging hiwalay at kaiba sa sentro at sa populasyon nito, sa mga usaping pang-ekonomya, kultural at pangkasaysayan. Dagdag pa, karaniwang katangian ng buhay ng mga Iban sa hangganang-rehiyon ang pakiramdam ng sabayang pagkahatak sa iba't ibang direksyon, subalit ang lakas ng hatak ay nakasalalay sa antas ng pakikisalamuha at relasyon sa magkabilang panig (Martinez 1994b:12). Sa katunayan, ang mga naninirahan sa hangganang-rehiyon na siyang may pinakamahinang katapatan sa sarili nilang pambansang estado ay malimit na siya ring may pinakamalakas na ugnayan na tumatawid sa hangganan (Martinez 1994a:19). Sa usapin ng pulitika, ang mga Iban ay nakapaloob sa isang estado na humihingi sa kanilang lubos na katapatan, subalit sa usapin ng etnisidad, damdamin, at ekonomya, malimit nilang nararamdaman na bahagi sila ng iba at di-estadong kabuuan (Baud at Schendel 1997:233), na ang malaking bahagi ay nakapaloob sa ibang estado. Para sa maraming Iban, ang mga ugnayan sa kabila ng hangganan ay nananatiling mas mahigpit kaysa sa sarili nilang bansa, bagay na nagreresulta sa isang mahinang kamalayan ng pambansang pagkiling o identidad.

Madalas na ang mga populasyon sa hangganan ay nagpapanatili ng mga ugnayang pang-ekonomya na tumatawid sa hangganan bagamat maaaring nilalabag nila ang mga pambansang batas; sa maraming kaso, halos wala silang pagpipilian sapagkat ang kanilang sariling pambansang pamahalaan ay nabigong ipaloob ang hangganang-rehiyon sa mas malawak na pambansang ekonomya (hal., Baud at Schendel 1997:229). Sa gayon, ang mga naninirahan sa mga hangganang-rehiyon ay nagpapamalas ng tendensyang bumaluktot, di-pansinin, at lumabag sa mga batas na nakikita nilang sumasagka sa kanilang interes at natatanging paraan ng pamumuhay. Ang mga mahihigpit na batas na naghahari sa mga hangganang internasyunal na naglilimita sa interaksyong tumatawid ng hangganan ay maaaring humantong sa iba't ibang tunggalian at pagbaluktot sa batas (Martinez 1994b:12). Dagdag pa, ang pakiramdam ng pagiging iba sa estado ayon sa karanasan ng mga naninirahan sa hangganang-rehiyon ay tumitindi sapagkat ang kanilang interes ay kadalasa'y iba at taliwas sa pambansang interes. Sapagkat nakikita nila ang kanilang sarili bilang nasa gilid ng isang mas malaking pambansang kabuuan, maraming Iban ang nakadarama na ang malayong sentrong pulitikal ay hindi nakakaunawa sa mga ispesyal na katangian ng pamumuhay sa hangganang-rehiyon.

Ang di-malinaw na katangian ng sabay na pagbubuklod at paghihiwalay ang naglalarawan sa ispesyal na kapaligiran ng hangganan. Sa simpleng katangian nitong naghahati sa dalawang magkahiwalay na estado na kadalasa'y may magkakaibang rehimeng administratibo at pangregulasyon, ang hangganan ay maaaring magpalitaw ng “istruktura ng pagkakataon” para sa mga gawaing tulad ng pagpupuslit at migrasyon, na ipinagbabawal ng magkabilang estado (Anderson at O'Dowd 1999:597). Ang pagpupuslit at iligal na kalakalan ay madalas ilarawan bilang “hanapbuhay sa

hangganang-rehiyon *par excellence*” (Wendl at Rösler 1999:13). Halimbawa, binanggit nina Donnan at Wilson (1999) kung paano ang mga internasyunal na hangganan ay maaaring “gamitin” (kalakalan) at “abusuhin” (pagpupuslit). Sa isang banda, ang mga hangganan ay naghahatid ng pagkakataong pang-ekonomya at lumilikha ang kabilaang daloy ng produkto’t tao, subalit sa kabilang banda naman ay pinapadulas nito ang pakinabang pang-ekonomya sa pamamagitan ng ilegal na pag-aangkat at pagluluwas, tulad ng nakita natin sa pagpupuslit ng troso mula sa Kanlurang Kalimantan. Ang ganitong mga ipinagbabawal na proseso ang bumubuo sa subersibong ekonomya ng mga hangganan-rehiyon (1999:87), kadalasa’y napakahalaga para sa kabuhayan ng mga naninirahan at kung minsa’y pinakamahalagang pwersang pang-ekonomya sa hangganan-rehiyon.

Subalit ang tipikal na senaryong “hangganang-rehiyon” ay nagpapakita lamang sa atin ng isang bahagi ng larawan sa usapin ng hangganan-rehiyon ng Iban, sapagkat hindi ito lubos na mauunawaan kung hindi titingnan ang pag-unlad ng ispesyal na pagkamalapit ng Iban ng Kanlurang Kalimantan para sa Sarawak. Hindi lamang sila grupong minority sa loob ng sarili nilang lalawigan, nahihwalay sa mas malawak na populasyon sa isang kitang-kitang mas maunlad na bansa sa kabila ng hangganan, subalit binigyan din sila ng ispesyal na trato ng magkasunod na mga kolonyal at pambansang pamahalaan sa magkabilang panig ng hangganan. Nagdulot ito ng may-kalakihang puwang para magpaunlad ng isang malakas na kamalayan ng pagsasarili, bagay na nagpapatingkad sa pakiramdam ng pagiging hiwalay na mukhang karaniwan sa mga hangganan-rehiyon. Sa ilalim ng mga kalagayan matapos ang krisis pang-ekonomya sa Asya noong 1997 at ang pagbagsak ng rehimeng Suharto noong 1998, marahil ay hindi gaanong nakakagulat ang mga pangyayari kung isasaalang-alang ang susing halaga ng naunang kasaysayang ito.

Mga Pinagsanggunian

- American Heritage Dictionary. 2000. *The American Heritage Dictionary of the English Language*, 4th ed. Boston: Houghton Mifflin.
- Anderson, James, and Liam O’Dowd. 1999. “Borders, Border Regions and Territoriality: Contradictory Meanings, Changing Significance.” *Regional Studies* 33: 593-604.
- Antara. 2005. Kail Sesali Sembieran Perampasan Mobil Bukti “Illegal Logging.” *Antara New Agency*, 15 Enero.
- Baud, Michiel at Willem van Schendel. 1997. “Toward a Comparative History of Borderlands.” *Journal of World History* 8: 211-242 .
- Colombijn, Freek. 2002. “Maling, Maling! The Lynching of Petty Criminals.” In *Roots of Violence in Indonesia*, ed. Freek Colombijn and J. Thomas Lindblad, pp. 299-329. Leiden: KITLV Press.
- Donnan, Hastings, at Thomas M. Wilson. 1999. *Borders: Frontiers of Identity, Nation and State*. Oxford: Berg.
- Eilenberg, Michael. 2005. “Borderland Strategies – Fluid Borders and Flexible Identities: A Case of the Iban in West Kalimantan, Indonesia.” Master’s thesis, Department of Anthropology and Ethnography, University of Aarhus, Denmark.

- Equator Online. 2004a. "Tangkap Apeng, Kenapa Baru Sekarang." *Equator Online*, 9 Agosto.
- Equator Online. 2004b. "Tangkap Apeng: Masyarakat Masih Tunggu Janji Kapolda." *Equator Online*, 14 Setyembre.
- Fariastuti. 2002. "Mobility of People and Goods across the Border of West Kalimantan and Sarawak." *Antropologi Indonesia* 67: 94-104.
- Flynn, Donna. 1997. "'We are the border': Identity, Exchange, and the State along the Benin-Nigeria Border." *American Ethnologist* 24: 311-330.
- Freeman, J. D. 1960. "On the Concept of the Kindred." *The Journal of the Royal Anthropological Institute* 91: 192-220.
- Jakarta Post. 2000. "Illegal Logging Rampant along Indonesian-Malaysian Border." *Jakarta Post Online*, 23 Mayo.
- Jakarta Post. 2002. "Loggers Head for Heart of Betung Kerihun National Park." *Jakarta Post*, 26 Nobyembre.
- Jakarta Post. 2003. "West Kalimantan Unable to Halt Illegal Logging." *Jakarta Post Online*, 18 Marso.
- Jakarta Post. 2005. "Military Wants Battalions in Border Areas." *Jakarta Post Online*, 8 Agosto.
- Kompas. 2000a. "Malaysia Belum Tanggapi Soal Pencurian Kayu." *Kompas Cyber Media Online*, 4 Hulyo.
- Kompas. 2000b. "Terdakwa Tewas Dihakimi Massa." *Kompas Cyber Media*, 14 Disyembre.
- Kompas. 2003a. "Operasi Wanalaga II Tahan 116 Pelaku Penebangan Liar." *Kompas Cyber Media*, Hunyo 17.
- Kompas. 2003b. "Cukong Kayu Illegal Asal Malaysia Belum Tertangkap." *Kompas Cyber Media*, 23 Hulyo.
- Kompas. 2004a. "Empat Warga Malaysia Ditangkap Terlihat Pencurian Kayu Diperbatasan." *Kompas Cyber Media*, 11 Marso.
- Kompas. 2004b. "Pengiriman Kayu Illegal ke Malaysia Masih Terjadi." *Kompas Cyber Media*, 28 Hulyo.
- Kompas. 2004c. "Dukung Kapolda Tuntaskan Illegal Logging." *Kompas Cyber Media*, 11 Agosto.
- Kompas. 2004d. "Hutan Makin Rusak, Industri Kayu Makin Sulit." *Kompas Cyber Media*, 25 Setyembre.
- Kompas. 2005a. "Wartawan TV5 dan Tim olah TKP Digelandang Massa di Pontianak." *Kompas Cyber Media*, 15 Enero.
- Kompas. 2005b. "Warga Protes Operasi Hutan Lestari." *Kompas Cyber Media*, 23 March.
- Kompas. 2005c. "Menhut: Masyarakat Adapt Dilarang Terbitkan Izin Penebangan Hutan." *Kompas Cyber Media*, 29 Marso.
- Martinez, Oscar J. 1994a. *Border People: Life and Society in the U.S.-Mexico Borderlands*. Tucson: University of Arizona Press.
- Martinez, Oscar J. 1994b. "The Dynamics of Border Interaction: New Approaches to Border Analysis." In *Global Boundaries, World Boundaries: Volume 1.*, ed. Clive H. Schofield, pp 1-15. London: Routledge.

- McCarthy, John F. 2000. *“Wild Logging”: The Rise and Fall of Logging Networks and Biodiversity Conservation Projects on Sumatra’s Rainforest Frontier*. Occasional Paper No. 31. Bogor: Center for International Forestry Research.
- McCoy, Alfred W. 1999. “Requiem for a Drug Lord: State and Commodity in the Career of Khun Sa.” In *States and Illegal Practices*, ed. Josiah Heyman, pp. 129-167. Oxford: Berg.
- Media Indonesia. 2004. “Belum Ada Fakta Gangster Malaysia Kuasai Perbatasan.” *Media Indonesia Online*, 25 April.
- Media Indonesia. 2005. “Masyarakat Kapuas Minta Polisi Tidak Segal Kayu Hutan Adat.” *Media Indonesia Online*, 29 Marso.
- Paredes, Americo. 1958. *With a Pistol in His Hand: A Border Ballad and Its Hero*. Austin: University of Texas Press.
- Pontianak Post. 2000a. “400 Massa Bersenjata serang PN Kapuas Hulu.” *Pontianak Post Online*, 14 Disyembre.
- Pontianak Post. 2000b. “Keluarga Usnata Lapor ke Presiden.” *Pontianak Post Online*, 19 Disyembre.
- Pontianak Post. 2003a. “Mafia Illegal Logging, Cukong atau Aparat.” *Pontianak Post Online*, 22 Hunyo.
- Pontianak Post. 2003b. “Sepekan, Ratusan Truk Kayu Keluar Masuk Badau.” *Pontianak Post Online*, 16 Setyembre.
- Pontianak Post. 2004. “Tim Wanalaga Sita Kayu Illegal di Perbatasan.” *Pontianak Post Online*, 16 Marso.
- Pontianak Post. 2005a. “Masyarakat Perbatasan Minta Solusi Illegal Logging.” *Pontianak Post Online*, 4 April.
- Pontianak Post. 2005b. “Buka Lahan Sawit Sepanjang Perbatasan: Strategi Baru Amankan Batas Malaysia-Kalimantan.” *Pontianak Post Online*, 10 Mayo.
- Riwanto Tirtosudarmo. 2002. “West Kalimantan as ‘Border Area’: A Political-Demography Perspective.” *Antropologi Indonesia* Special Issue: 1-14.
- Schendel, Willem van, at Itty Abraham. *Malapit nang lumabas. Illicit Flows and Criminal Things: States, Borders, and the Other Side of Globalization*. Bloomington: Indiana University Press.
- Siburian, Robert. 2002. “Entikong: Daerah tanpa Krisis Ekonomi di Perbatasan Kalimantan Barat-Sarawak.” *Antropologi Indonesia* 67: 87-93.
- Sinar Harapan. 2004a. “‘Gangster’ Bersenjata Malaysia Dilarporkan Kuasai Perbatasan.” *Sinar Harapan*, 22 April.
- Sinar Harapan. 2004b. “Pembalakan Liar di Perbatasan Indonesia-Malaysia (3-Habis) Hukum Lemah, Hutan pun Hilang.” *Sinar Harapan*, 7 Mayo.
- Sinar Harapan. 2004c. “Cukong Kayu Malaysia Masuk Daftar Buronan.” *Sinar Harapan*, 29 Oktubre.
- Suara Pembaruan. 2000. “Sengketa Perbatasan yang Berawal dari Berebut Hasil Hutan.” *Suara Pembaruan*, 11 Setyembre.
- Suara Pembaruan. 2003. “Lika-liku Praktik Illegal Logging di Kalbar: Malaysia Makan Buahnya, Indonesia Telan Getahnya.” *Suara Pembaruan*, 8 Agosto.
- Suara Pembaruan. 2004a. “Mafia Malaysia Babat Hutan di Perbatasan Kalbar.” *Suara Pembaruan*, 22 April.

- Suara Pembaruan. 2004b. "Kapan 'Penjajahan' Malaysia di Perbatasan Kalbar Berakhir?" *Suara Pembaruan*, 9 Mayo.
- Suara Pembaruan. 2004c. "Warga Perbatasan Diteror Cukong Kayu." *Suara Pembaruan*, 22 Disyembre.
- Tagliacozzo, Eric. 2001. "Border Permeability and the State in Southeast Asia: Contraband and Regional Security." *Contemporary Southeast Asia* 23: 254-274.
- Wadley, Reed L. 1998. "The Road to Change in the Kapuas Hulu Borderlands: Jalan Lintas Utara." *Borneo Research Bulletin* 29: 71-94.
- Wadley, Reed L. 2001. "Trouble on the Frontier: Dutch-Brooke Relations and Iban Rebellion in the West Borneo Borderlands (1841-1886)." *Modern Asian Studies* 35: 623-644.
- Wadley, Reed L. 2004. Punitive Expeditions and Divine Revenge: Oral and Colonial Histories of Rebellion and Pacification in Western Borneo, 1886-1902." *Ethnohistory* 51: 609-636.
- Wadley, Reed L., at Michael Eilenberg. 2005. "Autonomy, Identity and "Illegal" Logging in the Borderland of West Kalimantan, Indonesia." *The Asia Pacific Journal of Anthropology* 6: 19-34.
- Wendl, Tobias, at Michael Rösler. 1999. "Introduction—Frontiers and Borderlands: The Rise and Relevance of an Anthropological Research Genre." In *Frontiers and Borderlands: Anthropological Perspectives*, ed. Michael Rösler and Tobias Wendl, pp. 1-27. Frankfurt am Main: Peter Lang.

[Salin ni Sofia Guillermo]